


Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagpapahalaga sa Sining ng Papetre



Music – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagpapahalaga sa Sining ng Papetre
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Winston Mark C. Coquilla

Editor: Lynne B. Baptista

Tagasuri: Marciano G. Canillas, Ramon S. Gravino Jr., Guillesar P. Villarente

Tagaguhit: Milky D. Almorato

Tagalapat: Alona L. Ambasan, Maria Emmelyn F. Alinas

Tagapamahala: Evelyn R. Fetalvero

Reynante A. Solitario

Janette G. Veloso

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagpapahalaga sa Sining ng Papetre

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagpapahalaga sa Sining ng Papetre!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Pagpapahalaga sa Sining ng Papetre!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Magandang Araw! Sa modyul na ito nakapaloob ang iba't ibang gawain sa paglikha at pagpapahalaga sa paggawa ng papet.

Ang gawaing ito ay hindi lamang isang sining kundi nagpapaunlad din ito sa ating pagkamakabansa maging sa ating kinagisnang kultura. Sa yugtong ito, dapat mong malinang ang iyong pagkamasining sa paggawa ng papet upang malaman mo ang pagpapahalaga ng mga papeter sa kanilang mga gawa (**A3PL-IVb**). Ang sumusunod na larawan ay mga halimbawa ng papet. Pag-aralan mo nang mabuti ang sumusunod na papet na gawang pinoy .



Papet-Kamay
(*Hand puppet*)



Papet-Medyas
(*Sock puppet*)



Papet-Tungkod
(*Stick puppet*)



Papet-Tali
(*String puppet*)



Subukin

Ngayon, ikaw ay magiging **papeter**. Gawin at sundan mo ang sumusunod upang makagawa ka na iyong sariling papet. Gagawa ka ng isang Papet-Medyas.

1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan: Medyas na malinis na hindi na ginamit hanggang siko ang haba, mga lumang butones, pandikit o **glue**, gunting, **cardboard**, at iba pang kagamitan pansining.
2. Isuot ang medyas na parang guwantes at tantiyahin kung gaano kalaki ang bibig ng iyong papet.
3. Gumupit ng **cardboard** at itiklop sa gitna pagkatapos idikit ito upang maging bibig ng iyong papet.
4. Lagyan o dikitan ng mga **recyclable** na materyal upang maging kaaya-aya at natatangi ang iyong papet.
5. Ipakita sa iyong guro ang nagawa mong papet upang mabigyan ka nang wastong puntos.



PAALALA

Mag-ingat sa paggamit ng gunting at matutulis na bagay.

GINTONG ARAL:

Dapat kang maging mapamaraan sa lahat ng iyong gagawin upang makatipid at maging masinop upang makatulong ka sa pangangalaga ng ating kapaligiran.

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. **Oo** kung iyong ginawa at **hindi** kung hindi mo naman naisagawa ang nasabing gawain.


Mga Gawain	Oo	Hindi
1. Nasunod nang maayos ang mga panuto.		
2. Nagawa nang mahusay ang nasabing sining.		
3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan.		
4. Natapos nang maaga ang nagawang sining.		
5. Napahalagahan mo ang nagawang sining at naipakita sa buong pamilya sa bahay.		
6. Nasiyahan sa nagawang sining na nagpapaunlad ng tiwala sa sarili.		
7. Naipamalas nang mabuit ang pagkamalikhain.		
8. Naipakita ang sariling kakayahan sa pagbuo ng sining.		
9. Naipakita sa iyong guro ang nagawang sining.		
10. Nabigyan na marka ang nagawang sining.		

Aralin

1

Pagpapahalaga sa Sining ng Papetre

Ang paggawa ng papet ay napakamahalaga sa iyong pagkamalikhain at pagpapahalaga sa kinagisnang kaugalian at kultura. Ang pagtangkilik nito ay nagpapakita ng iyong pagka-Pilipino.



Balikan

Ngayon, balikan mo ang nakaraang modyul na iyong napag-aralan tungkol sa istayl ng mga pagpapalabas at paggawa ng iba't ibang papet. Ang **Puppetry** o **Papetre** sa Pilipinas ay laganap na sa kasaysayan sa panahon ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal.



Mga uri o istayl ng papetre na matatagpuan sa Pilipinas

Ngayon matutuklasan mo ang iba't ibang papet sa Pilipinas na karaniwang tinatanghal sa teyatro o maging sa mga mahahalagang okasyon o kapistahan.


Ang sumusunod ay ang mga paran ng pagpapalabas ng iba't ibang istayl ng puppetry sa Pilipinas.

Papet-Kamay o Hand puppet. Ito ay ang mga puppet na yari sa **foam** at tela.



Liping-Papet o **Rod Puppet**. Ito ay puppet na katulad sa Japan na tinatawag na **Bunraku**.



Papet-Tungkod o Stick Puppet – Ito ay isang pambata na mga puppet na gawa sa karton at sticks o patpat.





Papet-Anino o **Shadow Puppetry**. Ang mga papet na ito ay gawa sa balat ng mga hayop at patpat.

Teatro-Itim o Black Theater . Mga puppet na gawa sa foam, lubid, tela, pekeng balahibo, piluka, at palaman.



Papet-Tali o **String Puppets**. Mga papet na gawa sa kahoy, goma, bakal, payberglas, o ibat - ibang materyal.



Tuklasin



Ngayon ay gumawa ka naman ng **Papet-Tungkod o Stick Puppet**. Basahin at sundan mo ang sumusunod upang makagawa ka na iyong sariling **Papet-Tungkod**.

1. Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan: Malapad na **cardboard** o karton, mga lumang damit, pandikit, gunting, **popsicle sticks** o maliit na patpat mula sa kawayan, krayola, at iba pang kagamitan pansining.
2. Pumili nang karakter mula sa mga kuwentong-bayan o alamat na iyong nabasa o napakinggan.
3. Iguhit ang napiling karakter sa cardboard o karton. Kulayan ito upang maging detalyado.
4. Gupitin at bihisan ang mga ito gamit ang mga lumang damit na iyong inihanda. Idikit ang iyong papet sa **popsicle stick**.
5. Gamitin ang iyong papet sa pagtatanghal ng iyong nabasa o napakinggang kuwento.



PAALALA

Mag-ingat sa pag-gamit ng gunting at matutulis na bagay.



Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. **Oo** kung iyong ginawa at **hindi** kung hindi mo naman naisagawa ang nasabing gawain.



Mga Gawain	Oo	Hindi
1. Nasunod nang maayos ang mga panuto.		
2. Nagawa nang mahusay ang nasabing sining.		
3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan.		
4. Natapos nang maaga ang nagawang sining.		
5. Napahalagahan mo ang nagawang sining at naipakita sa buong pamilya sa bahay.		
6. Nasiyahan sa nagawang sining na nagpapaunlad ng tiwala sa sarili.		
7. Naipamalas nang mabuit ang pagkamalikhain.		
8. Naipakita ang sariling kakayahan sa pagbuo ng sining.		
9. Naipakita sa iyong guro ang nagawang sining.		
10. Nabigyan na marka ang nagawang sining.		



Suriin


Dapat mong malaman na mayroon mga pagsisikap na ginagawa ang mga iba't ibang grupo ng puppeteers sa ating bansa upang mapanatili at mapahalagahan ang puppetry o papetre sa Pilipinas. Ito ay ang ilan sa mga sumususunod:

Ang **Tali Galaw Group** ay nag-imbento ng isang string puppet na gawa sa kawayan. Sila ay gumagawa ng mga papet na katulad ng ating mga bayaning Pilipino na yari sa kahoy at pisi. Ang mga produktong ito ay makikita sa ilang mga lugar sa Pilipinas na dinadayo ng mga turista at binibili bilang **souvenirs** o pasalubong.



Ang **Roppets Puppet** na produksyon ay binuo na gumagawa ng papet na gumagalaw ang sa ulo, tainga, buhok, kilay, at ilong. Pinapalabas ito sa iba't ibang programa sa telebisyon na mga **production**. Sila ay nagtatag ng mga sangay sa Cebu, Davao, Cagayan de Oro, at Negros.

Ito ay tinatanghal sa bawat paaralan bilang lakbay-aral o di kaya'y sa mga dayuhang interesado sa puppet show o palabas. Sila ay regular na nagtatanghal sa telebisyon at teatro upang mapanatili ang sining ng puppetry. Mayroon kontribusyon din ang Pilipinas sa paglalathala ng **Encyclopedia of puppetry** na inilabas sa Pransya sa taong 2004.




Pagyamanin


Ngayon suriin mong mabuti ang sumusunod na larawan. Kopyahin ito sa hiwalay na papel at pagtapatin mo sa pamamagitan ng linya ang mga larawan sa **Hanay A** sa bawat istayl ng puppetry sa **Hanay B**.

Hanay A

1.



2.




3.



4.



5.



Hanay B

A. Papet-Kamay

B. Papet-Tali

C. Teatro-Itim

D. Papet-Anino

E. Papet-Daliri

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. **Oo** kung iyong ginawa at **hindi** kung hindi mo naman naisagawa ang nasabing gawain.

Mga Gawain	Oo	Hindi
1. Nasagot ang lahat ng aytem.		
2. Nabasa ang mga pahayag nang mahusay ang bahagi ng Suriin.		
3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan pagkatapos saguting ang mga pahayag.		
4. Natapos nang maaga ang pagsagot ng aytem.		
5. Nawasto ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto mula sa pahina 25.		
6. Nasiyahan sa nakuhang marka.		
7. Natuto ng bagong kaalaman tungkol sa pagpapapet.		
8. Naipakita ang sariling kakayahan sa nakuhang marka o score .		
9. Naipakita ng iyong magulang sa iyong guro ang nakuhang marka o score .		
10. Naitala ang iyong marka o score ng iyong guro.		



Isaisip

Dapat mong pahalagahan ang ating kultura at sining lalong-lalo na sa nagpapapetre na nilinang ng ating mga ninuno na makikita pa natin hanggang ngayon. Upang mapanatili at mapahalagahan ang ating sining sa paggawa at pagpapalabas gamit ang papetre o puppetry, iyong alamin ang sumusunod:

1. Ang mga grupong gumagawa ng palabas ng papet ay nagpapanatili at nagpapaunlad sa pagbahagi ng iba't ibang uri at istilo ng mga papet para sa layuning edukasyon.
2. Presentasyon sa mga paaralan tulad ng lakbay-aral, at iba pang mga nagpapakita o palabas upang pukawin ang interes ng mga bata at matatanda.
3. Ito ay kadalasang tinatanghal sa telebisyon at teatro upang mapanatili ang buhay na sining ng papetre.
4. Pagsasanay ng bagong **puppeteers** sa lahat ng edad.
5. Bigyan pansin at pahalagahan ang paksa ng **Humanities** sa antas ng kolehiyo tungkol papetre bilang isang asignatura para sa edukasyon at kultura.
6. Pagpapalawak at paglagay ng mas maraming **publishers** upang mailimbag ang mga aklat tungkol sa papetre sa Pilipinas.
7. Pagpapaunlad ng kontribusyon ng Pilipinas sa paglalathala ng **Encyclopedia of puppetry** na inilabas sa Pransya sa taong 2004.



Isagawa

Dapat iyong mabatid ang napakahalaga sining ng **puppetry** o papetre. Gawin ang sumusunod na paraan sa pagtatanghal o **puppet show** gamit ang iyong gagawing papet ngayon.

1. Ihanda ang mga sumusunod na kagamitan: **Cardboard** o makapal na karton na hindi na ginamit, Telang- itim, pandikit, gunting, at iba pang kagamitan pansining.
2. Gumawa ng isang **script** o istorya tungkol sa iyong napiling kuwento.
3. Gumawa nang plataporma o pagtatanghalan gamit ang cardboard o makapal na kartoon.
4. Gamitin ang iyong boses at ibahin ito base sa karakter na iyong tinatanghal. Gamitin din ang iyong mga kamay upang mapagalaw ang mga papet.
5. Ipakita ang palabas sa iyong guro kasama ang iyong mga kamag-aral.



PAALALA

Mag-ingat sa pag-gamit nang gunting at matutulis na bagay.

GINTONG ARAL

Sa pamamagitan nang palabas gamit ang mga papet ay naipapakita ang pagkamalikhain sa sarili.



Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. **Oo** kung iyong ginawa at **hindi** kung hindi mo naman naisagawa ang nasabing gawain.


Mga Gawain	Oo	Hindi
1. Nasunod nang maayos ang mga panuto.		
2. Nagawa nang mahusay ang nasabing sining.		
3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan.		
4. Natapos nang maaga ang nagawang sining.		
5. Napahalagahan mo ang nagawang sining at naipakita sa buong pamilya sa bahay.		
6. Nasiyahan sa nagawang sining na nagpapaunlad ng tiwala sa sarili.		
7. Naipamalas nang mabuit ang pagkamalikhain.		
8. Naipakita ang sariling kakayahan sa pagbuo ng sining.		
9. Naipakita sa iyong guro ang nagawang sining.		
10. Nabigyan na marka ang nagawang sining.		



Tayahin

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

1. Ang papet ay nakakatulong sayo upang maipakita ang mahahalagang pangyayari sa ating lipunan maliban sa isa.
 - a. Ipinapakita ang pangunahing isyu sa lipunan.
 - b. Ipinapahayag ang mga walang kabuluhang bagay.
 - c. Ipinapakita ang mga pangyayaring sa ating kapaligiran.
 - d. Ipinapakita sa tao ang mga mahahalagang pangyayari.
2. Paano mo tangkilikin at pahalagahan ang papetre o **puppetry**.
 - a. Ipakita ang paglago sa ating ekonomiya.
 - b. Bilihin ang mga papet na gawang-pinoy.
 - c. Ipahayag ang pansariling opinyon sa pagsalungat.
 - d. Itapon sa gilid ang nabiling papet.
3. Ang paggamit ng papet sa iba't ibang pang-edukasyon na layunin kagaya ng Batang-Batibot ay nakakatulong sa iyong pag-aaral?
 - a. Hindi, dahil ito ay walang kabuluhang palabas.
 - b. Oo, sapagkat ito ay pambata na may magandang aral.
 - c. Hindi, dahil ang papet sa palabas ay hindi ito totoo.
 - d. Walang makukuhang aral sa nasabing palabas.
4. Paano mo mapangalagaan ang isang papet bilang mag-aaral.
 - a. Alagaan ito at huwag sirain.
 - b. Iwanan ito kung saan-saan.
 - c. Itago ito at huwag ng gamitin.
 - d. Itapon ito sa basurahan.
5. Ang papetre o puppetry ay isa sa mga kasiyahan sa panahon ng mahahalagang araw kagaya nang pista sa nayon.
 - a. Tama
 - b. Hindi
 - c. Maaring Oo
 - d. Maaring hindi



Karagdagang Gawain

Gawain 1.

Gawin ang mga sumusunod na gawain. Maging masinop sa gagawin mong proyekto.

1. Magtanghal ng isang maikling kuwento gamit ang iyong mga ginawang papet.
2. Ipakita ang pagtatanghal sa buong pamilya.

Gawain 2.

Lagyan mo ng tsek (/) ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. **Oo** kung iyong ginawa at **hindi** kung hindi mo naman naisagawa ang nasabing gawain.

Mga Gawain	Oo	Hindi
1. Nasunod nang maayos ang mga panuto.		
2. Nagawa nang mahusay ang nasabing proyekto.		
3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan.		
4. Natapos nang maaga ang proyekto.		
5. Napahalagahan mo ang nagawang proyekto at naipakita sa buong pamilya sa bahay.		
6. Nasiyahan sa nagawang proyektong nagpapaunlad ng tiwala sa sarili.		



Susi sa Pagwawasto

1. B 2. B 3. B 4. A 5. A Tayahin	1. B 2. E 3. D 4. A 5. C Tayahin
---	---

Para sa guro: Lagyan nang check (/) ang kahon kung sa tingin mo ay magkatugma ang ginawa mo nang may katapatan sa pagtataya nang puntos.

Mga Batayan	3 - Pinakamahusay	2 – Mahusay	1 – Kailangan paghusayan pa
1. Nagpapakita ba ng angking pagkamalikhain sa paggawa nang papet?			
2. Ginamitan ba ng ibat-ibang recycled materyal ang papet?			
3. Maganda ba ang presentasyon sa palabas?			
4. Maayos at mahusay bang ginawa ang papet?			

Sanggunian

K-12 Curriculum Grade 3 Learning Material - MAPEH in Action
Sinugbuanon Bisaya

*CHILDREN'S ENTERTAINMENT, PUPPET SHOWS, PUPPETRY IN THE
PHILIPPINES, PUPPETRY PH*

Roppets Puppet Production

<https://www.roppets.com/blog/history-of-puppetry-in-the-philippines/>

Asean Puppetry Association

<https://www.aseanpuppetry.org/country-members/philippines/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph